

Taas ng Diwa, Linaw ng Katwiran at Sarap ng Salita Ang Balagtasán sa Pangangatwirang Bayan *



Ramon G. Guillermo

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Si **Guillermo** ay propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman. May-akda siya ng mga akda hinggil sa “indihenisasyon” sa agham panlipunan, pagsasalin at humanidades na digital. Inilathala ng UP Press ang kanyang nobelang “Ang Makina ni Mang Turing” (2013). Inihahanda na ang paglathala ng kanyang salin mula Aleman patungong Filipino ng unang bahagi ng Das Kapital ni Karl Marx.

Abstrak

Layunin ng papel na itong palitawin ang ilang tampok ng katangian ng matatawag na “lohika” ng debateng patula na tinatawag na “balagtasán” sa pamamagitan ng pagsusuri sa mismong wika at mga kategorya na ginagamit sa balagtasán. Upang maisagawa ito, magsisilbing pangunahing batis ng kasalukuyang pag-aaral ang Jose Corazon De Jesus at Amado V. Hernandez “Balagtasán sa Lumang Usapin” (1929). Sa ganitong paraan ay maaaring mabigyang-linaw ang mga pamantayan para sa magaling na balagtasista na inilatag ni Lope K. Santos na “taas ng diwa, linaw ng katwira’t sarap ng salita.”

Mga Susing Salita

lohikang patula, wika ng katwiran, Balagtasán, Jose Corazon De Jesus, Amado V. Hernandez

* Papel na binasa sa Sixth Annual International Philippine Studies Conference, Philippine Social Science Center (PSSC), Lungsod Quezon, Hulyo 10-14, 2000.



HASAAN

I.

Maaaring magsilbing pangkalahatang gabay at balangkas sa pag-aaral ng balagtasang ang sinulat ni Bienvenido Lumbera na sumusunod:

Hindi lamang paligsahan sa pagbigkas ng tula ang balagtasang, isa rin itong panooring maaari nating tingnan bilang katumbas ng kolum sa diyaryo ng ating panahon. Kapupulutan ito ng kaalaman at kabatiran hinggil sa mga isyung napapanahon. Binibigyan nito ang mga manonood ng pagkakataong ihasa ang kanilang sariling opinyon sa mga kuro-kurong inilalahad ng mga makata. At kaaliw-alaw ang pakikinig sa pagtatalong matalinghaga. Kahanga-hanga ang malikhaing panunugma ng mga makata at pagpapares-pares ng mga taludtod upang madaling matandaan ang punto ng tula. Subalit ang pinakamabisang pang-akit nito marahil sa daan-daang manonood ay ang iniaalay nitong pagkakataon na makisangkot sa pagtatalo sa pamamagitan ng pagtawa, pagsigaw, at pagpalakpak na pampasigla sa makatang kanilang pinapanigan (Zafra 1999a, ix).

Nagkaroon ng mahalagang papel ang balagtasang sa paghawan ng isang namumuong panlipunan at pampulitikang “esperong pampubliko” sa wikang pambansa noong unang mga dekada ng ika-20 siglo. Lumilitaw ang balagtasang bilang isa sa mga pinakatampok na larangan ng pagpapalaganap ng kakayahan at sipag sa “pag-iisip” bilang “pagtatalo” na nakabatay sa ilang pamantayan ng mahusay na pangangatwiran. Bilang isang “modernong imbensyon” na nakakabit sa pagsibol ng nasyonalismo, ginanap ang unang balagtasang sa pagitan nina Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes noong 6 Abril 1924 sa Instituto de Mujeres. Sa pamamagitan ng balagtasang, ang “malabo ay nagiging malinaw” (AVH9e, sagnong 1)¹ at ang paksang “maulap ay nagiging maliwanag” (AVH9e, sagnong 2), sapagkat, ayon nga kay Santos (1912, 61), sa “pagtatalo ng dalawang matwid lumalabas ang wagas na kaliwanagan.” Kung kaya’t makikita ritong pinaniniwalaan niya na hindi nagmumula ang “wagas na katotohanan” sa mga pansariling pagmumuni-muni lamang ng mga magkakahiwalay na kuro-kuro. Nakakamtan ito sa pamamagitan ng masiglang pakikipagtalastasan at pakikitunggali sa ibang mga kaisipan. Malinaw rin sa balagtasang na hindi

¹ Pangunahing batis ng kasalukuyang pag-aaral ang Jose Corazon De Jesus at Amado V. Hernandez. “Balagtasang sa Lumang Usapin.” Tinipon ito sa Amado V. Hernandez, *Tudla at Tudling: Katipunan ng mga Nalathalang Tula, 1921-1970*. Cf. Torres-Yu (1986). Tutukuyin ang mga bahagi nito sa pamamagitan ng paggamit ng mga inisyales ng may-akda (Amado V. Hernandez [AVH] at Jose Corazon de Jesus [JC]) ng mga balagtasistang naglalaban sa susundan naman ng bilang ng “tindig” o “tugon” nila sa isa’t isa sa susundan naman ng bilang ng sagnong. Ang ika-9 na tugon ni AVH ay may limang bahagi na bibigyan ng pantukoy na letrang a-e.

lamang ang mga lumalahok dito ang nakakakamit ng kaliwanagan kundi lalo't higit nilalayon nitong maliwanagan ang mga tagapakinig o tagabasa.

Gayunpama'y hindi pa rin nailalahad hanggang sa kasalukuyan ang mga pamamaraan ng "paglilinaw" at "pagpapaliwanag" na gumabay sa pagsasagawa ng balagtasán. Ano kaya ang mga itinuturing na mga "palatuntunan" (Zafra 1999, 83) ng balagtasán na kailangang sundan at panghawakan ng bawat balagtasista? Ano kaya ang pakahulugan at pagkakaugnay-ugnay sa isa't isa ng tatlong pamantayang nabanggit ni Santos na "taas ng diwa, linaw ng katwira't sarap ng salita" (Regalado 1926, 3)? Tungo sa panimulang paglilinaw sa mga nakapaloob na pamantayan ng balagtasán, gagamitin dito bilang pangunahing batis sa pagpapalitaw ng mga kategoryang lohikal at mga pamantayan ng balagtasán ang mahabang "Balagtasán sa Lumang Usapin" (1929) kung saan nagkakarapan sina Jose Corazon de Jesus (Huseng Batute, 1896-1932) at si Amado V. Hernandez (Ka Amado, 1903-1970)². May siyam na pagpapahayag ng "tindig" ang bawat isa sa kanila ngunit ang ika-9 ni Hernandez ay may limang magkakasunod na bahagi.

Itinuturing ang balagtasán bilang isang uri ng sagutang "maginoo,"³ "malinis" at "marangal" ng dalawa o higit pang kalahok upang mailinaw ang isang mabigat na paksa/usapin sa "harap ng bayan."⁴ Sa isang banda'y maitutulad din ang balagtasán sa mga paligsahan o palakasan kung saan ang pagtatagisan o paglalamangan ay nakasalalay sa kahusayan lamang ng pangangatwiran sa anyong patula. Sa kabila ng pagkakaiba-iba ng mga paksa, himig at layon, maihananay sa ganitong uri ng balagtasán-bilang-pasiklaban ang mga sumusunod mula sa antolohiya ni Zafra:

² Sasanggunian din ang balagtasang "Kahapon, Ngayon at Bukas" (1926) kung saan nagkabanggaan sina Iñigo Ed. Regalado, Benigno Ramos at Julian Cruz Balmaseda (si Lope K. Santos ang pumapel dito bilang Lakandiwa). Cf. Iñigo Ed. Regalado. Benigno Ramos at Julian Cruz Balmaseda. "Kahapon, Ngayon at Bukas." Sampagita, 20 Agosto-17 Disyembre, 1926 nasa Zafra (1995). Higit na pilosopikal ito kaysa sa pagtatalo nina Hernandez at De Jesus kung kaya't masasabi pa nga ng Lakandiwang si Lope K. Santos na "lalabas ang tatlong di lamang poeta kundi pilosopo." Makikita naman ang paggamit sa pamamaraang patawa ng mga kategorya ng pangangatwiran sa wikang Kastila sa mga balagtasán ni Julian Cruz Balmaseda sa antolohiya ni Zafra.

³ Sa katunaya'y sinulat ng mga lalaki ang lahat ng mga Balagtasán sa antolohiya ni Zafra. Gayunpama'y may iba't ibang papel na pinagganapan ang mga babae sa pagtatanghal nito. Cf. Zafra (1999a, 24). Ayon kay Zafra, babae rin, si Rosa Sevilla Alvero, ang naging unang tagapangulo ng Kapulungang Balagtas.

⁴ Naiiba ang balagtasán sa "duplo" sa pagkakuon nito sa iisang malinaw na paksa mula sa simula hanggang wakas at sa pagkakalipat ng pinaggaganapan nito mula sa mga bakuran ng namatayan tungo sa entablado ng kumakaharap sa taumbayan. Ayon nga kay Zafra, "iisa at tiyak ang paksa kaya higit na napalalim ang pagtalakay at pagsusuri sa isang idea. Naiwan ang dalawang mambabalagtas na kumatawan sa magkabilang panig ng paksa kaya higit na naisaayos ang paghahanay ng katwiran." Zafra (1999a, 14).

HASAAN

“Balagtasán”;
“Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan”;
“Panganorin at Alapaap”;
“Ilaw ng Bayani: Bituin at Liwayway”;
“Diwa at Puso”;
“Alin ang Higit na Mahalaga: Karunungan o Kagitingan?” ;
“Ang Anak na Lalaki at ang Anak na Babae” ;
“Dalagang Bayan Laban sa Dalagang Bukid”;
“Dalatan vs. Karagatan”;
“Ang Makata’t ang Paraluman.” ⁵

Samantalang ang karamihan sa mga nabanggit na balagtasán ay tumatalakay lamang sa “mistulang hidwaan” o “tunggaliang balu-balo” (Zafra 1999a, 125) sa ikaaaliw ng mga manonood, ang ilan naman ay mga “balagtasang hindi pagtatalo ng mga katwiran, kundi paglalahad ng puso sa diwa ng hinanakitan” (Zafra 1999a, 271). Masasabing pangunahing nakadepende sa paksa ng balagtasán ang pagturing dito bilang “palabas” lamang ng mga makatang nagpapasiklaban o kung tuturinging itong may kaugnayan sa pagpapaliwanag ng mga mahahalagang usapin tungo sa paghahanap/pagtuklas ng “katotohanan.” Hindi nga maaaring mahigpit na paghiwalayin ang dalawang uri ng balagtasán na nababanggit sapagkat kapwa nanghihiraman ng mga pamamaraan at paksa ang mga “magagaan” at “mabibigat” na balagtasán. Gayunpama’y maaaring bigyan nang higit na diin ang pag-aaral ng mga “mabibigat” na balagtasán dahil masasabing sa mga ito makikita ang mas matitingkad na anyo at diwa ng pangangatwiran. May nakataya sa mga balagtasang itong mga usaping may higit na makabuluhan sa sambayanan kaysa sa pagtatanggol lamang ng mga makata sa kanilang mga pansariling reputasyon bilang mga “manunugma” (Zafra 1999a, 1) na ayaw “mapahiya” (Zafra 1999a, 92).

Inilalahad sa simula ng balagtasán sa pinakamalinaw na paraan ang hayag na paksa/usapin na pagtatalunan. Ito ang pinakaunang bagay na kailangang pagkasunduan ng mga kalahok at ng mga tagapakinig/tagabasa ng balagtasán. Kapag “lumalabo” na ang usapan at napapalayo sa paksang napagkasunduan ang nagaganap na balagtasán ay kinakailangang magtapatan/maglinawan sa

⁵ Nasa Zafra (1999a): Patricio A. Dionisio, “Balagtasán,” 83-91; Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes, “Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan,” 92-102.; Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes, “Panganorin at Alapaap,” 103-118.; Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes, “Ilaw ng Bayani: Bituin at Liwayway,” 119-126.; Pedro Gatmaitan, “Diwa at Puso,” 150-158.; Pedro Gatmaitan, “Alin ang Higit na Mahalaga: Karunungan o Kagitingan?,” 168-175.; Julian Cruz Balmaseda, “Ang Anak na Lalaki at ang Anak na Babae,” 201-208.; Benigno R. Ramos, “Dalagang Bayan Laban sa Dalagang Bukid,” 217-227.; Nemesio E. Caravana at Julian Cruz Balmaseda, “Dalatan Vs. Karagatan,” 254-270.; Nemesio E. Caravana at Julian Cruz Balmaseda, “Ang Makata’t ang Paraluman,” 271-281.

gitna ng pagtatalo upang magkaroon muli ng batayan ng pagkakaisa sa paksa ng tunggalian ang magkabilang panig. Kung dalawa lamang ang balagtasista, karaniwang umiinog ang pagtatalo sa dalawang magkasalungat na pahayag/kaisipan na kailangang itaguyod at ipagtanggol ng dalawang makata sa magkabilang panig. Kung higit sa dalawa ang kalahok, maaaring may sariling pahayag ang bawat isa hinggil sa isang usaping may higit sa dalawang makukuhang panig, pero sa kasong ganito, kailangang harapin ng balagtasista ang mga katwiran ng lahat ng kanyang kinakalabang balagtasista. Masasabing “nagsasalungatan” (contradictories) ang mga katwiran ng balagtasang dalawahan samantalang “nagtataliwasan” (contraries) naman ang mga katwiran sa balagtasang tatluhan o higit pa. Susundan ang paglalahad ng paksa ng tuwirang pagtatalunan sa pamamagitan ng magkahaliling paglalalatag ng kanya-kanyang tindig ng bawat isang kalahok na maaaring maglaman ng mga hamon, patibay, patunay, tanong, tugon/sagot o pananggol. Sa pamamagitan ng paghihilera ng mga “katibayan”/“patibay” na nagpapatatag sa sariling tindig, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga “patunay” na “nagpapatotoo” sa mga iginigiit na pahayag, pinagsisikapan ng bawat isang balagtasistang mapalakas at mapatunayan ang kanilang napiling panig. Maaaring maging “bagay,” “pangyayari,” “paniniwala,” “kaalaman,” o “talinghaga” ang mga patunay at patibay na ito. Ngunit sa kaso ng “Balagtasang sa Lumang Usapin,” ang mga sumusunod ang karaniwang batis na pinaghalawan nina Hernandez at de Jesus ng kanilang mga patunay/patibay:

- 1) Kaalamang pangkasaysayan (historia) na maaaring (a) nasa mga aklat at pag-iingat ng mga pantas; (b) o kaya mga kaalamang bayan na “talastas ng kahit sino” (AVH7, saking 21) (akin ang diin):
 - Bihasa ka sa istoria at lubusang nababatid ang lipad ng kabihasan at ang lakad ng daigdig, talos mo ang kalagayan ng lupaing maliliit (AVH6, saking 32)
 - Istorya rin ang may ulat na... (AVH6, saking 33)
 - Itong landas ng paglaya’y itanong sa mga aklat usisain ang istoria’t tapatin ang mga pantas, iisa ang tanging daan, iisa ang tanging landas “iyang laya’y parang batang may dugo kung ipanganak” (JCJ7, saking 25)
 - matapos kong liwanagin ang istoriang totohanan (AVH8, saking 19)
- 2) Pagsasaksi ng mismong balagtasista sa katotohanan ng kanyang iginigiit. Ayon kay Regalado, “maaari silang sumaklaw, kung ibig, sa lahat ng dako ng buong daigdig” (Regalado 1926, 4):
 - nagsaboy ka ng pusali sa mukha ng bayang api at tinawag mo ng taksil sa ating pagsasarili dito ako tumututol at ang aking sinasaksi ay ang boong bayan na ring naglalamay arawgabi. (AVH7, saking 3)

HASAAN

- ang tinurang pagtataksil ang marapat mong saksihan, kung ang iyong pangungusap ay hindi mo matindigan, katulad ng pagpatay ko sa lahat mong mga bintang; wala tayong matatamong kalinawan kailan man! (AVH7, saknong 30)

Maaaring uriin ang mga patunay na ito sa mga “paniniwala at kaalaman ng madla o bayan” sa isang banda, at sa mga “paniniwala at kaalaman ng makata” sa kabilang banda. Ang mga patunay na nakasalalay sa paniniwala ay mas nakaugat sa pagtanggap sa awtoridad ng tradisyon samantalang bunga naman ng pananaliksik at pagsusuri ang mga patunay na itinuturing na kaalaman. Halimbawa ng paniniwala ang mga kuru-kurong panrelihiyon, na bagama’t may sariling bisa sa mga tagapakinig bilang katwiran, ay may kakaibang katangian sa kaalamang pangkasaysayan na maaaring lapatan ng mga kritikal na pamamaraan ng pagsusuring kolektibo man o indibidwal. Maaaring magkaroon ng guwang sa pagitan ng paniniwala/kaalaman ng madla at ng makata. Hindi palaging nagsisilbing alingawngaw lamang ng laganap nang pinaniniwalaaan ng madla ang makata. Maaari pa ngang kontrahin ng balagtasista ang laganap na paniniwala o kaalaman sa pamamagitan ng kanyang indibidwal na paniniwala o kaalaman. Mababanaag ang matinding pananalig sa pagkukurong sarili ni De Jesus sa sinulat niyang, “kung ang aking pananalig ay naligaw ka ng landas, maging kasama mo’y bayan, naliligaw kayong lahat.” (JCJ8, saknong 14) Patuya itong sinagot ni Hernandez, “mahigit ka sa bayan: kami’y mali, ikaw’y tumpak” (AVH8, saknong 1). Dagdag pa rito, “kung ang iyong pananalig na nilimot na ang laya ay higit pa kaysa boong sangbayanang paniwala, itong ating pagtatalo’y dapat putulin na yata sapagka’t ang katwiran mo’y sa panig mo lamang pawa.” (AVH8, saknong 2) May implikasyon ang mga tugon na ito ni Ka Amado na absurdo at “kahambugan” lamang ang ideya ni Huseng Batute na maaari niyang mahigtan bilang indibidwal ang nalalaman ng bayan. Maging palabas man ito o hindi, ang paghamon ni De Jesus sa “bayan” ay isang makapangyarihang larawan ng paghulagpos ng pag-iisip kaharap ng pagkatali sa laganap na mga paniniwala at bulag na pagtiwala sa tradisyon.

Ngunit ang pagka-makatotohanan ng mga patunay ay isa lamang sa mga pamantayan sa pagsusuri ng makatwirang pahayag. Hinahatulan din ang mga pahayag ayon sa pamantayan ng pagkakaugnay-ugnay o pagkakatugma-tugma ng mga ito sa loob ng pangkabuuang balangkas ng pangangatwiran. Hindi sapat na binubuo ng mga makatotohanang pahayag ang pangangatwiran, dapat nagkakatugma-tugma rin ng mga ito. Sa pagpapatunay ng bawat balagtasista ay pinagsisikapan niyang makabuo ng isang hanay ng pahayag na may pagkakatugma-tugma sa isa’t isa na hahantong sa pinapatunayang pangunahing pahayag. Gayunpaman, wala pa yatang matatagpuan sa balagtasian na nosyon ng analitikong pruwera na makikita sa heometriya, matematika o lohikang simboliko na nakabatay lamang sa pagkakatugma-tugma ng mga patunay tungo sa konklusyon. Ituturing itong huli marahil ng



mga balagtasista bilang matalinong pangangatwiran bagamat “walang laman” o kaya bilang “katusuhan” (Zafra 1999a, 47) lamang. Mahigpit ang kaugnayan ng balagtasian sa konsepto ng “katotohanan” bilang bagay na nakakamit lamang sa pagtatagpo at pagtatagisan ng mga kaisipan at hindi maaaring maging bunga ng nakabukod na kamalayang nag-iisa lamang. Sa kabila nito’y makikita na sa paggiba naman ng pangangatwiran ng kalaban, lumilitaw na napakahalagang paraan ang pagsisikap ng mga balagtasistang “hulihin” sa pamamagitan ng mga “tulang patibong”/ “pamain” (Zafra 1999a, 2) ang hindi pagkakatugma o pagsasalungatan ng mga patunay ng kanilang kalaban sa isa’t isa o sa mismong pinapatunayan ng mga itong pangunahing pahayag. Sinasabi nilang, “Hindi ako ang nahuli kundi ikaw ang nasilo sa lahat mong pinagsabing katuwirang halo-halo”(Zafra 1999a, 164). Para bagang, “kung mangangatwiran ang kanyang sarili ay kinakalaban”(Zafra 1999a, 73). Pinagsisikapang nilang “paaaminin” ang kanilang kalaban na ang kahihinatnan ng pagtanggap ng kanilang patunay ay salungat sa nais nila mismong patunayan. Inaangkin ng mga balagtasista ang mga patunay o patibay ng kanilang kalaban upang patatagin o patunayan ang sariling panig. Malaking bahagi ng pag-iisahan/paglalamangan ng mga balagtasista ang pag-aangkin para sa sariling panig ng mga sinalita ng kanilang kalaban. Maliban pa sa pinalalakas nito ang sariling katwiran ay nalalantad din ang mga nagsasalawaang pahayag ng kalaban:

- ikaw ang may sabing tayo’y sakop ng dayuhan saka ngayo’y hahanapin ang ganitong mga bagay, ikaw bago’y napapano... at ang iyong sinasabi ay hindi ko mawawaan (AVH8, saknong 27)
- Habang ikaw ay salita nang salita, sa bibig ka nahuhuling katulad ng isang isda! (AVH6, saknong 40)
- ang lahat ng kagitingan ng Kahapong binanggit mo ay bagkus pang nagpatibay ng katwiran sa panig ko, bawa’t lahing may dakilang kasaysayang paris nito’y di lilimot sa paglaya, habang mundo itong mundo. (AVH9a, saknong 10)
- ako’y di na palalayo at ang aking ilalahad na pagtugo’y ang iyo ring binitiwang pangungusap (AVH9d, saknong 1)
- ano’t iyong winiwika... e di tama ang sabi ko. (AVH9d, saknong 2)
- inamin mo na. (AVH9d, saknong 3)
- samantalang lumalaon itong ating balagtasian ay lalo kang nababaon sa kawalan ng katwiran, ang lahat mong paghahamak ay lalong nagpapatibay na ang baya’y sumasamba sa kanyang ring pagkabayan (AVH9d, saknong 15)

Ang pangangatwirang gumagamit naman ng analohiya at pananagisag na dumurugtong sa magkakaibang larangan ng karanasan ay walang naidaragdag na bagong nagpapatibay sa pahayag. Halimbawa’y habang tuwirang tinatalakay ang salungatang manggagawa-mamumuhuna sa mga balagtasang “Ang Manggagawa at ang Makina” at “Ang Welgista at ang Eskinol,” papaksain din ito



HASAAN

sa higit na masagisag na paraan sa mga balagtasang “Alin ang Higit na Mahalaga: Ginto at Bakal?” at “Ang Mataba at ang Payat”.⁶ Gayundin, mababasa ang mga balagtasang “Ang Palayok at ang Kawali,” “Ang Baso at ang Tabo” at “Ang Sabong at ang Kabaret” bilang masagisag na pagtalakay sa salungatang makabayan-kolonyal na mas lantarang papaksain sa mga akdang “Balagtasang ng Kalayaan” at “Wikang Ingles Laban sa Wikang Kastila.”⁷ Nakapag-aambag lamang ang ganitong pamamaraang masagisag sa hangarin ng mas mabisang pagpapaunawa sa mga mambabasa o tagapakinig. Nagagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga pang-araw-araw na karanasan sa pagpapaliwanag ng mga abstraktong konsepto, at sa pagpapatimo sa kaisipan ng lohika ng kaisipang iginigiit.⁸

Maihanayan ang mga patibay sa isang serye ng kaisipan o pahayag. Maaaring “mapahina” o mapabulaanan ang pinagtatalunang pahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng iisa o higit na maraming kontra-halimbawa o kaya maaaring ituring mismong “mahina ang [mga] katuwirang isinaysay” (Zafra 1999a, 156). Makikita rito na maaaring may mga hangganan ng pagkatotoo o saklaw ang isang pahayag. Ang isa nga sa mga pangunahing uri ng maling pangangatwiran sa balagtasang ay ang “paglalahat” na may kinalaman sa tindi ng pahayag at sa saklaw ng dalumat. Isinasaad sa puna ng “paglalahat” na hindi wasto ang paggamit ng katunggali ng isang kataga dahil ipinapailalim niya dito ang mga penomenong hindi nito saklaw. Totoong “may iilan” ngunit hindi masasabing “lahat.” Ayon nga kay Ka Amado, “Maaaring ang iilan ay nagtaksil kung sakali nguni’t itong boong baya’y ipil na di magagapi” (AVH9e, saktong 19), “hindi wastong laitin mong lahat-lahat ” (AVH3, saktong 10). Ang “paglalahat” ay hindi maituturing na isang anyo ng maling katwiran per se sapagkat maaaring nakaugat sa pagkakaiba ng kahulugan na ibinigay ng balagtasista. Halimbawa nito sa balagtasang Hernandez-De Jesus ang magkakaibang pakahulugan nilang ibinigay para sa mga salitang “taksil” at “kagitingan” batay sa kanilang magkaibang pagsasakonteksto ng mga “huwarang” bayani sa kasaysayan ng Pilipinas. Halimbawa’y hinggil sa pakahulugan ng “kagyat”: “ang magtapat kailan man ay di isang pagtataksil, ... ang akin lang sinusumpa’y inmedatang tatawagin, ang tatlumpot taong

⁶ Nasa Zafra (1999a): Lope K. Santos, “Ang Manggagawa at ang Makina,” 127-149.; Pedro Gatmaitan, “Alin ang Higit na Mahalaga: Ginto at Bakal?,” 159-167.; Julian Cruz Balmaseda, “Ang Mataba at ang Payat,” 176-181.; Julian Cruz Balmaseda, “Ang Welgista at ang Eskiro,” 209-216

⁷ Nasa Zafra (1999a): Julian Cruz Balmaseda, “Ang Palayok at ang Kawali,” 182-187.; Julian Cruz Balmaseda, “Ang Baso at ang Tabo,” 188-193.; Julian Cruz Balmaseda, “Ang Sabong at ang Kabaret,” 194-200.; Benigno R. Ramos, “Balagtasang ng Kalayaan,” 228-236.; Florentino T Collantes, “Wikang Ingles Laban sa Wikang Kastila,” 237-253

⁸ Cf. ang balagtasang “Palayok at Kawali” hinggil sa pamamaraan ng pananagisag sa balagtasang. Karaniwang matatagpuan dito ang mga pariralang, “ang x ay sumasagisag sa y,” “ang x ay nangangahulugan ng y,” o “ang x ay larawan ng y.” Makikita rin ang pariralang “ang x ang dahilan ng y.”

ganap, ng 'kagyat' na nasa hangin!" (JCJ3, saknong 13). Mahigpit din na iniiba ni Huseng Batute ang "bayan" ng "kahapon" at ng "ngayon" sapagkat ipinapalagay niyang lubos nang nagbago ang "diwa" ng mga Pilipinong "lumimot" na sa nakaraan: "Oh, kay laking pagbabago, ng Kahapon at ng Ngayon/ Huwag ka nang managinip na sila ay tinutunton..." (JCJ2, saknong 3), "yaong sabihin mong ang Kahapon nating diwa'y, Siyang diwa natin ngayon ay kay laking pagdaraya" (JCJ2, saknong 9). Sa kabilang banda nama'y idiniin ni Hernandez ang pagkakadugtong-dugtong ng "kahapon" ng "bayan" sa "ngayon":

"Itong Ngayo'y karugtong din ng Kahapong nakaraan;
Kaya nga ba ang karugtong din ng Kahapong nakaraan;
Kaya nga ba ang adhikang Kahapon pa sinimulan,
Ay patuloy hangga ngayon sa hanggang padadalhan"
(AVH4, saknong 7).

Mapapansing tila mas madalas na sa halip na pasinungalingan (bilang mga "bulaan") ang mga patibay ng kalabang panig ay inaangkin na lamang ng nagtutunggaliang balagtasista ang mga ito upang magamit nila para sa kanilang sariling panig ("ang mga nabanggit mo ang patibay sa panig ko"). Ngunit hindi pa rin matatanggihang nagaganap ang pagpapasinungaling ng mga patibay sa balagtasian. Diniretso nga sa isang pagkakataon ni Hernandez si De Jesus na, "ikaw'y isang sinungaling" (AVH9d, saknong 19). Ngunit karaniwang umuuwi ang pag-uusap/pagsasagutan sa pagtatalo hinggil sa magkaibang implikasyon ng mga patunay na nailahad imbes na magtunggalian hinggil sa katotohanan ng mga ito. Maaari pa ngang makita sa dulo ng balagtasian na isang mistulang-hidwaan lamang ang salungatan. Halimbawa nito'y ang "bangayan" sa pagitan ng manggagawa at makina sa balagtasian ni Santos kung saan lumilitaw na hindi totoo ang hidwaan sa pagitan ng dalawang nagbabalagtasian sapagkat ang tunay na kalaban nilang kapwa ay ang mamumuhunan.⁹ Makikita rin ito sa balagtasian sa pagitan ng "Wikang Ingles" at ng "Wikang Kastila" kung saan ang lilitaw na tamang panig ay ang "Wikang Pambansa." Kasabay ng pagpapasinungalingan at pag-aangkinan ng mga patibay at tunggalian hinggil sa mga kahulugan ng salita, pinagsisikapan higit sa lahat ng bawat isang balagtasista na "matambakan" o "mabaon" sa "bunton-bunton"/"bundok-bundok" na patibay ang kanilang kalaban:

⁹ Lope K. Santos, "Ang Manggagawa at ang Makina" (1927), nasa Zafra (1999a, 127-149). Ang isa pa sa mga balagtasang tumalakay sa usaping manggagawa na isinama ni Zafra sa kanyang antolohiya ay "Ang Welgista at ang Eskiro" (1930) ni Julian Cruz Balmaseda na kakikitaan ng labis na kababawan ng pag-isip ukol sa paksang ito kung ihahambing kay Santos. (Nakapagtataka ito dahil nagpabatid ng higit na katalasan si Balmaseda kahit kay Benigno Ramos hinggil sa paksang ito sa kanilang balagtasian noong 1926). Marahil, sapagkat iisang may-akda lamang ang nagbuo ng mga balagtasang ito, tila mas nakatuon ito sa paghihimay-himay ng paksa sa anyo ng diyalogo. Kapuna-puna na ang karamihan ng mga sinama ni Zafra sa kanyang antolohiya ay mga balagtasang inihanda lamang ng iisang manunulat.

HASAAN

- marami pa't di ko halos mabibilang kung bilangin ang sangbuntong katibayan... (AVH9e, sagnong 8)
- santambak na katwirang matitibay; ipipilit ang baluktot mong katwiran; bayaan nang ang panahon ang lubusang magpatunay (AVH9e, sagnong 9)
- ayaw buksan ang mata mo sa katwirang bundok-bundok, na sa iyo'y natambak sa tatlo kong unang sagot (AVH4, sagnong 1)
- liban dito'y parang bula ang iba mong ihahayag kungdi magiging patunay na taksil nga tayong lahat samantala'y muli kong sa harap mo'y itatambak ang bunton ng katibayang buhay pa ang ating hangad. (AVH4, sagnong 4)

Patunay ito na ang konsepto ng “katotohanan” at “pagpapatunay” sa balagtasian ay halos walang katapusang proseso ng paglalahad ng mga “patibay” na habang paparami’y lalong nagbibigay matwid sa bawat panig. Sa gayo’y hindi mahihiwalay ang konsepto ng katotohanan sa balagtasian bilang bunga ng “pagtatagisan ng talino” sa katangian din nito bilang bagay na palaging pinapatunayan ng karanasan. Imbes na deduktibo ay mas namamayani ang induktibong pamamaraan ng pagpapatunay. Kasabay ng paramihan ng katwiran ay hinahangad din ng mga balagtasista na “maubusan” ang kalaban ng mga maipantutugon sa kanilang mga itinambak na katwiran.¹⁰ Bahagi ng tagumpay ng isang balagtasista sa harap ng mga tagapakinig ang “pagpapapatahimik” o “pagpapatameme” ng kanyang kalaban. Puwede pa ngang kunwa’y “pagbigyan” ng isang makata ang kanyang nagigipit na katunggali sa pamamagitan ng paglulubay sa kanyang atake “nang ikaw’y makaisip ng katwirang idurugtong.” (AVH8, sagnong 34)

- mauubos ang tula mo, ang panitik at ang utak, mauubos ang lahat mong nalalaman sa pagbigkas (JCJ8, sagnong 14)
- at nang ikaw ay wala nang maapuhap na pananggal (AVH9b, sagnong 4)

¹⁰ Nang naglakandiwa si Santos sa balagtasang “Kahapon, Ngayon at Bukas” ang isa sa mga nabanggit niyang pamantayan sa mahusay na balagtasista ay ang “kasaganahan sa katwiran.” Cf. Zafra (1995, 509).

II.

Ang pagtitipon-tipon sa isang tumpok ng mga patibay o dili kaya'y pag-uugnay-ugnay sa isang kabuuan ng mga patunay ng pinagtatalunang pahayag ang nagpapatatag o nagpapatunay dito. Gayunpama'y hindi lamang kanya-kanyang pagpapahayag ng kuro-kuro at paglalahad ng patibay at patunay ang dapat atupagin ng bawat balagtasista, kinakailangan din niyang harapin at tugunan ang bawat katwiran na inilalatag ng kalaban. Ayon nga kay Hernandez, "akin ngayong itutuloy ang naputol na pagsagot at sa iyo'y ilalahad ang mali mong dakotdakot" (AVH9c, saknong 1). Lumilitaw pa nga sa balagtasang "Kahapon, Ngayon at Bukas" (1926) na ang isa sa mga pangunahing dahilan sa pagkapanalo sa balagtasang ito ni Julian Cruz Balmaseda, ayon kay Lope K. Santos, ay ang kanyang "hindi pagpapatawad" at "tapat na pagtugon" sa mga katwiran ng kanyang mga kalaban na sa kanilang banda'y maraming "pinalampas" na katwiran (Zafra 1999a, 125). Kapag "maubusan" ng maipagsasagot at marami nang mga katwirang nakakalusot ang kanyang kalaban, maaaring "ligawin," "lituhin" o "palabuin" ng isang nagigipit na balagtasista ang usapan sa pamamagitan ng sadyang pagmamali o "pagbabaligtad" ng sinabi ng kalaban upang maisalba ang kanyang sitwasyon. Nagprotesta nga si Ka Amado kay Huseng Batute na, "ako sana'y huwag mo nang baligtarin!" (AVH6, saknong 20). Maaari ring magkunwaring "walang-muwang," magbulag-bulagan o magbingi-bingihan sa harap ng mga patunay ng kalaban: "Hanggang saan nga ba ang pagkakamali ng isip ng taong gipit na at sikil; pinapagkakas'ya ang isip na munti't ayaw nang gamitin ang buong pagwari" (Zafra 1999a, 259). Posible ring magpa-"lusot" ang "nagigipit" na balagtasista sa pamamagitan ng pag-iiba/paglalayo/pagliliko/pag-iwas/pagsisinsay sa mga matatatag na katwiran ng kalaban. Lumihis kung ang kalaban ay nasasalubong (Zafra 1999a, 74). Ayon nga kay Ramos, "Itong Balagtasang ay napapalayo sa tunay na landas na dapat kalagyan, mga katalo ko ay nangalihis na't nagkaligaw-ligaw" (Zafra 1999a, 62). Madalas pangaralan ni Hernandez si De Jesus hinggil sa bagay na ito¹¹. Ilang halimbawa ang mga sumusunod:

- bawat tugon mo sa aki'y may bago kang binabanggit, na malayo kaysa unang pangyayaring nangasambit, maliwanag ang tangka

¹¹ May kahinaan ang palagay ni Zafra na, "Hindi lohika ang mahalaga sa balagtasang tulad nito kung hindi ang husay sa pag-alpas sa panggigipit at panunukol sa pangangatwiran... husay na lumusot sa panggigipit... Hindi ito nakukulong sa mahigpit na kodigo ng lohika." Cf. Zafra (1999a, 68). Sa katunaya'y hindi kasinghalaga ng anumang mga palusot ang seryosong pagharap sa mabigat na paksa sa balagtasang Hernandez-De Jesus. Tila may pagbabago sa pag-iisip ni Zafra hinggil dito sa kanyang artikulong "Ang Dalumat ng Katuwiran sa Balagtasang Bilang Salik ng Estetikang Pampanitikan" (1999). May pangangailangan pang suriin nang mas malaliman ang panloob na lohika ng balagtasang sa pamamagitan ng sistematiko at detalyadong diseksyon ng mga huwaring halimbawa nito.

HASAAN

mong matabunan at iliblib yaong “taksil tayong lahat” na galing sa iyong bibig. (AVH4, saktong 2)

- salita ka nang salita’y binabago mo ang landas, pagtanong ko, ikaw naman ay may isang isasabad; dulot tuloy para tayong nagtatalong kapwa bulag...(JCJ5, saktong 5)
- paano bang pagtatalo itong ginagawa natin, sa kung minsa’y tanggapin mo, minsa’y ayaw mong tanggapin (JCJ5, saktong 14)
- laging kay lalayo ng lahat mong mga sagot (AVH6, saktong 2)
- ang lahat mong mga tanong, alinlanga’t panunumbat, sa naunang mga tugo’y nilinaw kong lahatlahat, ikaw naman palibhasa’y anong taas kung lumipad, ang tanong ko’y di mo yata naririnig sa itaas (AVH6, saktong 3)
- bakit ba nakasulat na hindi na mabubura kung bigkasin ng bibig mo ay madaling naiiba. (AVH7, saktong 1)
- kay layo ng huli mong tugon; saan ka ba paroroon? (AVH9a, saktong 3)
- sa lahat ng katwiran mo’y hindi ako nalalayo, dito lang mangyayaring magkatalo’y magkasundo, habang ikaw, nakita ko, na tuwi kang mababako, bumabago ka ng lakad at matuling lumiliko (AVH9a, saktong 4)
- Yamang tayo’y nagsimula sa iisang paksang hayag at dito rin may magkatalo... di ba ito’y siyang tumpak? (AVH9a, saktong 5)

Maaari ring pagtakpan ng balagtasista ang kanyang kawalan ng tugon o pagkatameme sa mga katwiran ng kanyang kalaban sa pamamagitan ng binansagang “pagtatalak”/ “pagngangawa” na walang kabuluhan sa pinag-uusapang paksa at walang silbi bilang patunay man o patibay sa sariling pahayag. Alinsunod sa matulaing anyo ng balagtasista, mas mabisa ang ganitong paraan ng pag-iwas kapag mahusay na nababalutan ng talinghaga ang sa totoo’y hungkag at walang laman na pahayag. Ani Benigno Ramos, “Isa-isang binasa ko nang masusi at mataman ang sagot ng dalawa kong katalo sa Balagtasista; kay-tamis na mga tula, pagkasarap, pagkainam! Datapuwa’t sa matwid ay kulang at parang ampaw!” (Zafra 1999a, 13). Imbes na sa “balagtasista magtatalo’y mga budhi, bulaa’y nadaramtan ng damit na pambighani” (Zafra 1999a, 39). Ngunit maaari ring gamitin ang paratang ng “pagtatalak” ng isang balagtasistang nagnanais makaiwas sa mga katwiran ng kanyang kalaban sa pamamagitan ng kalkulador at hindi makatarungang “pagmamaliit” sa mga ito. Sa kabila ng ganitong posibilidad, makikita pa rin ang higit na pagpapahalaga sa pagkamakatotohanan kaysa sa pagkamasining sa mga pagkakataong pinupuna ng isang balagtasista ang kanyang kalaban ng pagbubulag sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng “taginting ng tula.” Kaya nga sumusulpot minsan ang paratang na ang makatang kinakalaban ay puro salita at walang gawa. Pamantayang panukat nga sa anumang panukalang nababanggit sa balagtasista ang pagka-maaari nitong mailapat sa tunay na pagkilos o praktika. Isinumbat nga ni Ka



Amado kay Huseng Batute na, “ano pa nga’t ang hangad mo’y natatapos sa salita pagka’t ngayon ay hindi mo mangyayaring isagawa, habang itong adhika ko’y isang tunay na adhika na kung saan matutupad, tayo’y doon mahibang” (AVH4, saknong 15). Litaw na litaw sa mga balagtasista ang posibilidad ng pang-aabuso ng matulaing wika upang magpalaganap ng mga maling kaisipan at kongklusyon:

- buksan ang mata ng bayan at huwag mong binubulag sa taginting ng tula mong pawang usok at pangarap (AVH5, saknong 9)
- Uliuli, Makata ko, bago biglang magtatalak, ang lahat ng pangyayari’y pag
- aralan munang lahat (AVH6, saknong 45)
- manghawak sa kasaysayan at sa iba’t ibang tala; huwag ang bawat maisip mo ay siya mong ingangawa ay hindi ko kasalanan maumpog ka maya’t maya (AVH9b, saknong 23)
- hindi mabibilang iyang pilosopong taring na lahat ng kamali’y nakikita’t napapansin, subali’t ang kawastua’y di rin kayang paningningin at sakaling may paakay, sa impierno pa dadalhin (AVH6, saknong 9) (Ang “pilosopong taring” ay isang pilosopong “maton” o “magaspang ang ugali.”)

Maliban sa paglalahad ng mga katwiran, bahagi ng sagutan sa balagtasian ang pamumuna ng bawat isa sa mga “baluktot” na pangangatwiran o “di-makatwirang matwid” na ginagamit ng kanilang kalaban. Lumilitaw at lumilina ang konsepto ng maayos na pangangatwiran hindi lamang sa pagsusuri sa mga maayos na pamamaraan ng paglalahad ng katwiran kundi sa pagkilatis sa mga itinuturing ng mga balagtasista bilang mga “maling” katwiran. Inaasahan na “lilitaw din ang talagang matibay na katwiran” (AVH9e, saknong 1) pagkatapos ng tagisan ng mga salita. Ngunit wala pa mang panig na malinaw na nananaig ay umaabot pa rin sa hindi maiiwasang panahong-hangganang ang alinmang balagtasian kung kailan kailangang “putulin” na ito. Maaaring maghiwalayan ang mga balagtasista na may pagkakasundo’t pagkakaunawaan (Zafra 1999a, 253) o kaya may pagkilala at paggalang sa pagkakaiba ng paniniwala at paninindigan ng bawa’t isa. Ayon nga kay Hernandez, “tayo ma’y magtunggali nang matagal at mahaba dahilan sa nagkakaiba ang kanitong paniniwala” (AVH9e, saknong 5). Dagdag pa rito, “Manahimik na nga tayong sa damdami’y walang baon kung hindi ang kani-kanyang paniwala’t nilalayan” (AVH9e, saknong 8). Sasabihin na lamang na, “Talagang hindi nga tayo magkabagang sa isip na dala” (Zafra 1999a, 197). Maaari ring maghiwalayan ang mga balagtasista na may matinding paniniwala sa kawastuhan ng sari-sariling panig at ng pagkamali ng kabilang panig. Sa ganitong pagkakataon, iniaasa na lamang sa walang katiyakang “panahon” (“ang panaho’y ang tanging hukom na sa mundo’y naggawad ng panghuling kahatulan sa alin mang pag-uusap” (AVH9e, saknong 10)) at sa walang katiyakang konsepto ng “bayan” (“sa wakas ng pagtatalo ng matuwid at panulat ay ang katotohanan din ang sa baya’y malalahad” (AVH9e, saknong 2)) ang pagpapasya kung alin sa

HASAAN

mga balagtasista ang lilitaw na nasa panig ng katotohanan.

III.

Umiinog ang balagtasista nina Hernandez at de Jesus sa pagtalakay hinggil sa wasto at mabisang paraan ng pagkamit ng kalayaan sa konteksto ng kolonyalismong US noong unang mga dekada ng ika-20 siglo. Makikita ritong pumapanig si De Jesus sa mapaghimagsik na paraan na itinuturing niya bilang natatanging landas tungo sa paglaya. Pinansin niyang hindi na himagsikan kundi mga “independence missions” na ang pangunahing paraan na isinusulong ng “Bayan” kung kaya’t ipinahayag niyang mukhang nag-“taksil” na ang “bayan” sa nakaraang pakikibaka ng sambayanan at sa mismong adhika ng paglaya. Ayon nga kay Huseng Batute, “kukunin sa mapayapa ang pag-ibig sa kalayaan, sa sandaling ibigin mo ang magbago ng paraan, ... Iya’y isang panibagong sa Adhika’y kataksilan” (JCJ1, sagnong 7). Hindi nakaugat ang ganitong mga pananaw ni De Jesus sa mahirap ipagtanggol na palagay na may iisang paraan lamang na nababagay sa bawat layon sa lahat ng panahon, kundi sa paglitaw ng penomeno ng kunwa’y malalayang mala-kolonya. Ginawa niyang partikular na halimbawa ang “layang huwad ng Kuba” (JCJ5, sagnong 15-17) na pinangakuan din ng US ng kasarinlan sa kabila ng pananatili pa rin nito bilang “kanyang panginoon sa kalakal at halaga”. Ayon nga kay De Jesus, “kung may bayang nanghingi ng laya niya, Iyang layang hinihingi ay may lubid na kasama” (JCJ5, sagnong 17). Hinggil naman sa kalagayan ng Pilipinas, ipinaalala ni Huseng Batute kay Ka Amado na, “hindi mo ba nalalamang tayo’y himpilang mabuti/ ng kalakal ng Tio mo sa baybayin ng Oriente?... Hindi mo ba natatanto na kung sila’y namuhunan,/ kailangang isoli mo at ang utang ay bayaran?” (JCJ8, sagnong 18-19).

Naipahayag nga sa panig ni Hernandez na ang isang “alipin” ay hindi lamang walang kalayaan kundi wala ring “matwid” sapagkat ang kanyang matuwid ay nilupig ng dahas ng kanyang panginoon.¹² Kay De Jesus nama’y paulit-ulit na isinasaad na ang “pakikipag-usap” sa manlulupig at naghahari-harian ay walang ipinag-iba sa “paghihingi ng limos”. Para kay De Jesus, walang ipinagkaiba sa “pulubi,” “alipin” o “upahan” (JCJ2) ang nakikiusap at nakikipangatwiran sa mananakop upang humingi ng kalayaan. Malinaw na may ilang bagay na tinatanggap kapwa ng dalawang balagtasista. Sa isang banda’y naniniwala silang dalawa na tunay ngang nagbago na ang pangunahing paraan

¹² Hinggil naman sa pangangatwiran ni “Tiyo Sam” kaugnay ng kanyang pananakop sa Pilipinas ay isiningit ni “Rizal” ang pangungusap na “Ano pang katwiran ang dapat hintayin sa isang nanlupig...” Cf. Benigno R. Ramos, “Balagtasista ng Kalayaan” sa Zafra (1999a, 228-236).

na ginagamit sa pagkamit ng pambansang kalayaan. Gayunpama'y iba ang pagpapakahulugan nila sa pagbabagong ito. Hindi nagkakasundo ang dalawang balagtasista sa pakahulugan at kahihinatnan ng pagbabagong-landas na nagkaroon ng pakahulugan kay De Jesus ng "pagtataksil" sa adhika ng kalayaan at ng "pagpapatuloy ng nakaraang pakikibaka" sa ibang pamamaraan kay Hernandez.

Kaharap nito, iginiit naman ni Ka Amado na iisa lamang ang layon ng paglaya kahit nagkakaiba ang pamamaraan sa pagkamit nito. Mapayapa man o mapaghimsik ang pamamaraan, ang iisang adhika rin ng kalayaan ang pinatutunguhan. Ani Hernandez, "kung bumago man ng daa'y wala tayong pinupunta, kungdi iyon at iyon din: ang paglayang sinisinta!" (AVH1, saking 14). Dagdag pa, "Bumago man ng paraa'y iyon din ang niloloob" (AVH2, saking 2). Mariing tinutulan ni Hernandez ang pagbabansag ni De Jesus sa kanya at sa Bayan bilang mga "taksil", "Kung laya rin ang adhika, kahit iba na ang landas, ay ano pang patataksil ang sa ami'y ipuputak?" (AVH7, saking 4). Malayong pulaan ni Hernandez sa kanyang mga pangangatwiran ang kadakilaan ng mga bayaning naghimsik at maski ang kawastuhan ng paggamit ng dahas.¹³ Ayon nga sa kanya, "ako'y hindi tumututol... sa alin mang layo't daan kung sa laya rin ang himpil" (AVH7, saking 5). Gayunpama'y nagbigay siya ng mga dahilan kung bakit nagbago na't naging mapayapa ang pamamaraan o landas na sinusundan sa pagkamit ng kalayaan. Unang-una sa mga kadahilanang ito ang ipinapalagay ni Hernandez na kahinaan ng Pilipinas sa harap ng makapangyarihang bayan tulad ng US. Inihalintulad niya ang Pilipinas sa "gamogamo," "butiki" (AVH1, saking 10-11), "langgam" (AVH1, saking 15), "munting isda" (AVH9, saking 7) atbp. Ayon sa kanya ang Pilipinas ay parang "pipit" na kumakalaban sa isang "limbas" (AVH2, saking 2), "maliit na punso" na walang masasabi sa tayog ng "bundok" (AVH1, saking 10-11) at "balanga" na tiyak na mababasag kapag ibinangga sa "tapayan" (AVH2, saking 5). Paulit-ulit sasabihin ni Hernandez ang katiyakan ng pagkatalo kapag ang maliit ay lumaban sa malaki, "nangingilabot ang mundo sa labanang muli't muli at digmaang parati nang talunan ang bayang munti" (AVH2, saking 5). Dagdag pa sa ganitong mga uri ng katwiran hinggil sa kawalang-laban ng Pilipinas, mapapansin din kay Ka Amado ang palasak na kaisipan na superyor ang paggamit ng "katwiran" o "talino" sa paggamit ng "dahas" o "lakas" lalo't lalo na sapagkat may mga "pangako" ang US

¹³ Pansinin ang sinulat ni Franco Vera Reyes sa kanyang nobelang maka-Gandhi na Bagong Kristo, "Iginagalang ko ang Rusya sa pangyayaring siya ang tanging bansa sa sinukob na nakikipagbaka sa isang dakilang simulaing makabago, nguni't ang karahasang ginagamit nang mga pulahan ay sinusumpa ko. Kasangayon akong maluklok sa pamahalaan ang mga mangagawa, nguni'y kailangang kunin natin ang pamahalaan sa isang marangal at maka-maginoong pamamaraan. Gaya dito sa Pilipinas, bakit hindi kunin nang bayang manggagawa ang pamahalaan dito sa pamamagitan nang halalan?" (akin ang diin. - R.G.) (Reyes 1932, 39).

HASAAN

sa pagpapalaya ng Pilipinas (AVH2). Iniaalok ni Hernandez ang “mahinahong tunggali” (JDJ1, sagnong 4), “pagpipingkian ng talino” (AVH2, sagnong 4), “paglaban sa larangan ng talino” (AVH5, sagnong 5) at ang “makitalad ng ulo sa ulo” (AVH5, sagnong 15). Kailangang “ang di nakuha sa lakas sa katwiran daraanin” (AVH1, sagnong 9), at tanggapin na ang realidad na ang “kung kahapon [ang pakikibaka] ay sa tabak, ngayon naman ay sa dunong” (AVH5, sagnong 25). Igigiit din niya na mas mainam, higit na madali at mas tiyak ang tagumpay sa ganitong pamamaraan, “kung ang lahat ng katwirang ibabangon ay sa dugo, nalunod na itong mundo sa dugo ng ating bungo; ang lahat ng pag-uusap na mahusay at matino, sa payapang pagtatalo ay madaling magkasundo” (AVH4, sagnong 28). Gagamitin din ni Hernandez ang palasak na paghahanay ng “pag-iisip” at “bait” (AVH5, sagnong 4) sa isang banda bilang mga pananda ng pagkatao habang ihananay naman niya ang “dahas” sa katangian ng hayop, “ang kaibhan daw ng tao sa hayop na nasa bundok ay ang kanyang pagiisip na tanglaw ng puso’t loob, wala ka ring katauhan kung sa bawa’t munting gusot ay langgam kang mangangagat at punglo kang magpuputok” (AVH5, sagnong 6). Maliban sa pagiging likas sa pagkatao, ang pangangatwiran pa ang higit daw na pinaniniwalaan ng mga “tagalog.” Ani Hernandez, “may katwiran ang tagalog: ‘huwag mo nang tayuan pa kung paupong matatapos.’” (AVH5, sagnong 11). Kaya nga bagay na bagay sa “bagong landas” na ipinapanukala ni Hernandez ang modelo ng balagtasang kaysa sa modelo ng himagsikan. Hindi dapat mamayani ang galit at damdamin sa balagtasang, mapapalabo lamang nito ang kakayahang gamitin ang isipan sa pangangatwiran:

- sagutang maginoo at malinis; nang malupig sa katwira’y nasaktan ka at nagalit at ang ating pagtatalo’y kinaladkad mo sa putik! (AVH9b, sagnong 1)
- ikaw na nama’y may bait na... kung kaya sa pagtatalo ay lamigan mo ang tuktok (AVH9b, sagnong 3)
- ikaw’t ako’y nagkatalo nang mahusay at malinis na katwiran ang baluti’t ang sandata ay panitik; kalooban ay bayaang matahimik; simbuyo ay pigilin; sundin ang pag-iisip (AVH9e, sagnong 3)
- matupok ang katwiran sa lagablab ng damdamin; hinahon ng isipan; lambot ng paggiliw (AVH9e, sagnong 4)

Sinulat ni Regalado, kaugnay nito na, “Napansin kong unti-unting ang dalawang kaibiga’y lumilihis sa landasin at diwa ng Balagtasang, ang patulang pagtatalo sa isipang mahinusay dinadala sa may putik na patudyong salitaan, at sa halip na maglahad ng matinong katwiran ay patugmang gumagawa ng malinding parunggitan” (Zafra 1995, 39). Dinadaan sa “tapang at salitang masasakit ganitong ang marangalang pag-uusap ng matuwid” (Zafra 1999a, 172). Maaaring sa kasalukuya’y mas pahahalagahan ng mga mambabasa ng balagtasang ito ang panig ni Huseng Batute kaysa sa mga pangangatwiran ni Hernandez, ngunit ginawa ang lahat ni Hernandez sa balagtasang ito

upang angkinin ang papel bilang “tagapagtanggol” ng dangal ng bayan sa isang naninirang-puri at nagbabansag ditong “taksil” at “duwag” na si De Jesus. Inako naman si De Jesus ang papel bilang tagapag-usig ng “bayan” sa pagkalahis nito sa inaakala niyang tunay na landas tungo sa paglaya ng Pilipinas. Kapansin-pansin na dalawang pangunahing usapin talaga ang lumulutang sa balagtasang Hernandez-De Jesus. Ang una’y hinggil sa wastong landas tungo sa paglaya (marahas o mapayapa), at ang ikalawa nama’y nakatuon sa paglilitis/pagsasakdal sa bayan na “ipinagtanggol” ni Ka Amado sa paratang ng “pagtaksil” ni Huseng Batute.¹⁴ Sa katunaya’y lumilitaw na higit na kapaki-pakinabang kay Hernandez ang palagiang paglilitis ng usapin sa “paglilitis sa bayan” dahil siya ang nagmumukhang tagapagtanggol ng bayan samantalang si De Jesus naman ang nagmumukhang mapangahas at hambog na tagapag-usig nito.

IV.

Pagkaraan ng pagsusuri sa itaas, maaari nang unawain muli ang nabanggit ni Santos na mga pamantayan ng “taas ng diwa, linaw ng katwira’t sarap ng salita.” Mahihinuha na ang tinutukoy na “taas ng diwa” ay hindi lamang ang “tayog” ng pag-iisip kundi sa etika ng pakikipagharap sa kinakalaban sa balagtasang. “Mataas ang diwa” ng balagtasista kapag hindi niya dinadala sa “mababa” ang mga usapin para lamang makaganti sa kalaban. Maaaring tumukoy naman ang tinaguriang “linaw ng katwiran” sa kabuuang pamamaraan ng pangangatwiran, na hindi lamang nakatuon sa paglalahad ng masaganang patibay/patunay kundi nahihinggil din sa pagkakatumugma-tugma ng mga ito sa loob ng iisang argumento. Maisasama na rin dito sa “linaw ng katwiran” ang pag-iwas sa lahat ng mga “pampalabo” sa usapin na inihanay sa itaas bilang “pagpapalusot,” “panlilinlang,” “pagsisinungaling,” “pagtatalak” at “pambubulag.” Bilang panghuli, makikita naman na habang mataas ang pagpapahalaga sa “kinis ng mga taludtod” at “tamis ng mga salita,” hindi pinapayagang mamayani ang ganitong mga konsiderasyon sa pagkamit sa pagkakaunawaan sa katotohanan. Pinahahalagahan nga ang ganitong mga pang-estetikang usapin ngunit hindi pinamamayani bilang pangunahing pamantayan maliban na lamang sa mga balagtasang “pasiklaban” lamang.

¹⁴ Itong balagtasang bilang paglilitis sa sala ng “pagtataksil” (sa pag-ibig) ay may pagkapalasalak at makikita sa mga naunang “Balagtasang” ni Patricio A. Dionisio at “Bulaklak ng Lahing Kalinisinisan” nina Jose Corazon de Jesus at Florentino T. Collantes.

Napakahalagang gumawa pa ng mga pag-aaral na gumagamit ng iba pang halimbawang balagtasan upang mapalalim ang kasalukuyang kaalaman hinggil sa malalim at masalimuot na lohika ng balagtasan at, mas pangkalahatan pa, sa mga anyo, lengguwahe at kategorya ng “pangangatwirang bayan” na laganap sa mamamayan. Makikita sa kasalukuyang papel na marami pang magagawa sa direksyong ito na kinakailangang atupagin sa mga susunod na pag-aaral. Gayunpama’y lumilitaw na pangunahing mga katangian ng balagtasan ang paniniwalang ang “katotohanan” ay makakamit lamang sa pagsasalungatan ng mga kaisipan, habang sabay na kinikilala na ang “katotohanang” ito ay “inaabot-kaya” lamang at hindi ganap na makakamit habang nagaganap ang pagtatagisan at pagtatagpuan ng mga diwa’t kaisipan sa loob ng lipunan at kasaysayan.

Mga Sanggunian

- Reyes, Franco Vera. *Bagong Kristo*. Maynila: National Publishing Company, 1932. Nakalimbag.
- Santos, Lope K. *Hindi Talaga ng Diyos; Babasahing Bayan*. Maynila: Limbagan at Litograpiya ni Juan Fajardo, 1912. Nakalimbag.
- Torres-Yu, Rosario, ed. *Amado V. Hernandez, Tudla at Tudling: Katipunan ng mga Nalathalang Tula, 1921-1970*. Lungsod Quezon: Unibersidad ng Pilipinas, 1986. Nakalimbag.
- Zafra, Galileo S. “Ang Kasaysayan at Retorika ng Balagtasan (1924-1941).” Unibersidad ng Pilipinas, 1995. MA Thesis.
- . “Ang Dalumat ng Katuwiran sa Balagtasan Bilang Salik ng Estetikang Pampanitikan.” *Lagda*, 1 (1999): 105-128. Nakalimbag.
- . *Balagtasan: Kasaysayan at Antolohiya*. Lungsod Quezon: AdMU Press, 1999a. Nakalimbag.